Tenancy Services

# Nakatira ka ba sa isang boarding house?

## Alamin ang iyong mga karapatan!

Bisitahin ang aming website:

www.tenancy.govt.nz/tenants-boarding-houses

O tumawag sa

0800 TENANCY (0800 836 262)

MINISTRY OF BUSINESS, INNOVATION & EMPLOYMENT
HĪKINA WHAKATUTUKI

# Ano ang boarding house?

- lugar ng tirahan na may isa o higit pang mga kuwartong-paupahan; at
- may mga pasilidad na magagamit ng lahat ng mga nangungupahan; at
- may nakatira, o nilalayong magpatira ng, 6 man lamang na mga nangungupahan nang sabay-sabay.



## Ano ang pangungupahan sa isang boarding house?

Ang pangungupahan sa isang boarding house na tatagal, o nilalayong magtatagal nang 28 araw man lamang, at ang nangungupahan ay:

› may ekslusibong karapatan na tumira sa kanilang mga kuwartong-tulugan

› makagagamit ng mga pasilidad na para sa lahat.

## Ang may-ari ng boarding house ay dapat:

› Tiyaking ang kuwarto ay may katanggap-tanggap na lagay ng kalinisan bago mo simulan ang pangungupahan.

› Tiyaking ang mga pasilidad na para sa lahat ay laging nasa katanggap-tanggap na lagay ng kalinisan.

› Mentenahin ang propyedad at gawin ang anumang kinakailangang pagkumpuni.

› Sumulat at sabihin sa iyo nang 28 araw man lamang bago nila itaas ang upa.

› Magbigay ng alinsunod sa batas na paunawa para makapasok sa kuwartong-paupahan.

› Tumupad sa lahat ng mga kinakailangan tungkol sa alarma sa usok.

› Tumupad sa lahat ng kinakailangan tungkol sa gusali, kalusugan at kaligtasan.

Pansinin: Ang Residential Tenancies Act 1986 ay hindi sumasakop sa mga tao na nagpaplanong tumira nang kulang sa 28 araw. Gayunman, ang mga Community Law Centre at Citizens Advice Bureau ay makapagbibigay ng payo sa ganitong mga sitwasyon.

# 11 tip para sa mga nangungupahan sa boarding house

1. Alamin ang iyong mga karapatan at responsibilidad at kung paano kami kokontakin (tingnan sa kabilang pahina).
2. Humingi ng nakasulat na kasunduan ng pangungupahan.
3. Sundin ang mga tuntunin sa tirahan.
4. Humingi ng resibo tuwing ikaw ay magbabayad ng cash para sa upa o bond.
5. Magbayad ng iyong upa nang nasa oras.
6. Sabihin sa may-ari kung may anumang kailangang kumpunihin.
7. Ang may-ari ay makapapasok lamang sa iyong kuwarto sa ilang mga pangyayari.
8. Bigyan ang may-ari ng 48 oras na abiso kapag gusto mong lumipat.
9. Tiyaking ang may-ari ay magbibigay sa iyo ng tamang abiso kapag ikaw ay hihilingang lumipat.
10. Sa karamihan ng mga kaso, maaaring tapusin ng may-ari ang pangungupahan nang may 28 araw na abiso.
11. Huwag makialam sa makatwirang katahimikan, kaginhawahan, o pagiging pribado ng ibang nangungupahan.